# RECOVERY ACT COMMUNITY BRIEF

CITY OF LONGBEACH
RECOVERY ACT

| TOTAL NA BUDGET | GASTOS SA NGAYON | BILANG NG PROGRAMA |
|---|---|---|
| **$290.4 MILLION** | **$159.2 MILLION** | **84** |

## TUNGKOL SA LBRA

Nuong ika-16 ng Marso 2021, ang Konseho ng Lungsod ay inaprubahan ang Long Beach Recovery Act, at naging isang pangunahing lungsod na nagpasa ng programa ng pag-ahon mula sa COVID-19 gamit ang pederal na pondo ng American Rescue Plan Act (ARPA) funds. Kasama sa Long Beach Recovery Act ang ARPA at iba pang mga pagkukunan ng pondo para suportahan ang tatlong pangunahing mga kategorya hanggang Disyembre 2023. Pinopondohan ng Long Beach Recovery Act ang ilan sa mga nangungunang inisyatibo pang ekonomiya, kulusugang pampubliko, at mga inisyatibang piskal para sa mga residente ng Long Beach, mga may-ari ng negosyo at mga trabahador na matinding na-apektuhan ng pandemya. LBRA ay nagsasama ng pananaw ng pagkapantaypantay para matugunan ang mga natatanging pangangailangan ng komunidad at sinasama ang pondo para sa mga partikolar na programa, outreach, pag-access sa wika, at pag-access na digital para matiyak na ang Recovery Acty ay tutulong sa mga nangangailangan sa Long Beach. Ang Recovery Act ay nagbibigay ng pagpondo para suportahan ang tatlong nilalayon na kategorya – Pag-ahong Pang Ekonomiya, Kalusugan at Kaligtasan ng Komunidad, at ang Pagpatibay ng Hinaharap ng Lungsod.


### Kalusugan at Kaligtasan ng Komunidad




### Pag-ahong Pang-Ekonomiya




### Pagpatibay ng Hinaharap ng Lungsod



# MGA KWENTO NG EPEKTO SA KOMUNIDAD

CITY OF LONGBEACH
RECOVERY ACT

## Kalusugan at Kaligtasan ng Komunidad



### LB RESOURCE LINE

"Pakiramdam ko ay tanong ako ng tanong kung saan saan at wala akong makausap na tao. Tatawagan ko na lang ang linyang ito simula ngayon para sa lahat"

**- Residenteng may edad sa Long Beacht**

"Gusto ko lang mapasalamat sa pag-iskedyul ng appointment at pagsagot sa aking mga katanungan. Nagagalak ako na tumawag sa numerong ito at maka-kausap ng TUNAY na tao, naging mas maginhawa ang aking buhay"

**- Residenteng may edad sa Long Beacht**

## Pag-ahon Pang Ekonomiya




### KALOOB SA MALIIT NA NEGOSYO AT NON-PROFIT

“Ang kaloob ay isang tulong na makapagpapanatili sa amin ng matagal. Ang pondo ay magpapahintulot sa amin na alagaan ang aming tauhan na nanatili sa amin habang may pandemya. Salamat din sa kaloob, at maaari naming maayos ang ilang mga equipment na kinakailangan ipaayos. Salamat!"

**- La Chancla Mexican Grill**

### KALOOB SA PERSONA SERBISYO AT FITNESS

"“Napakalaking tulong ang kaloob sa amin. Ilang taon naming tinayo ang aming negosyo bago magpandemya, kaya matagal din bago naming ito mabawi. Itong kaloob ay isang malaking oportunidad para sa amin para makamit ang mga pinansyal na obligasyon at maituloy ang aming pag-ahon."

**- The Belmont Athletic Club**